## 1. Pagpapadala ng mga Abiso tungkol sa Bayaran sa Buwis gaya ng Property Tax, City Planning Tax, Ordinary and Light Vehicle Taxes.

Ang mga may nagmamay-ari ng lupa o bahay sa lungsod mula sa unang araw ng taon ay dapat magbayad ng Property Tax o City Planning Tax. Ipapadala ang abiso sa bayarin mula sa unang araw ng Mayo at ang deadline sa pagbabayad sa one-time payment at unang installment para sa hulugan na pagbayad ay sa ika-31 ng Mayo. Gayundin ang mga taong nagmamay-ari ng sasakyan na higit sa 660cc mula sa ika-1 ng Abril ay magbabayad ng light motor vehicle tax kasama na rito ang mga nagmamay-ari rin ng mga motorsiklong sasakyan. Ang mga abiso sa pagbabayad ng buwis sa ordinaryong sasakyan ay ipapadala sa unang araw ng Mayo at ang mga abiso sa pagbabayad ng buwis para naman sa light motor vehicles na sasakyan ay ipapadala sa ika-2 ng Mayo. Ang deadline para sa pagbabayad ay sa ika-31 ng Mayo.

Kapag dumating ang abiso sa bayarin ay mangyaring ilabas sa sobre ito at bayaran sa mga convenience stores, sa banko o sa post office. Kung may kahirapan naman sa pagbabayad ay kumonsulta sa munisipiyo sa tanggapan ng buwis para sa property tax at light motor vehicle tax.

At sa Prefectural Tax office naman sa bayarin sa ordinaryong sasakyan na matatagpuan sa unang palapag ng nasabing tanggapan sa Kanda Cho ng lungsod.

Pagdating sa pag-renew ng iyong visa upang manatili sa Japan ay isaalang-ala ang maayos na pagtupad ang mga obligasyon sa pagbayad ng buwis. Kung may atraso, maaaring hindi mabigyan ng renewal o extension ng visa kaya siguraduhing magbayad sa loob ng takdang petsa.

## 2. Pansamantalang Pinansyal na Suporta sa mga Households na Kasama sa Resident Tax Per Capita at mga Households na may Mababang Income na Nagpapalaki ng mga Anak.

Upang mabawasan ang pasanin na dulot ng tumataas na presyo ng kuryente, gasolina at pagkain, ang gobyerno ay magbibigay ng pinansyal na suporta para sa mga households na mababa ang kinita sa taong 2023 sa pamamagitan ng pagbibigay ng 100,000 yen sa head ng households na kung saan ang per capita resident tax lang ang babayaran.

Nag-umpisa ng ipadala na ang kumpirmasyon sa pagbibigay sa mga kwalipikadong households mula pa noong unang bahagi ng Abril. Ilagay ang mga kinakailangang dokumento sa return envelope at ibalik ito bago ng ika-28 ng Hunyo.

Bilang karagdagan, sa mga households na karapat-dapat para sa benepisyo ay ang mga households na napapailalim lamang sa per capita resident tax, ang mga pamilya na may mga batang wala pang 18 taong gulang na ipinanganak sa pagitan ng ika-2 ng Abril taong 2005 at ika-31 ng Agosto taong 2020 ay magbibigyan ng pinansyal na tulong na 50,000 yen. Ang mga kwalipikadong households na tatanggap para sa benepisyong ito para sa kanilang anak na natiyak na noong pang huling bahagi ng Marso ay makakatanggap ng abiso mula sa mga unang bahagi ng Abril. Ilagay ang mga kinakailangang dokumento sa return envelope at ibalik din ito bago ang ika-17 ng Setyembre ngayong taon.

Para sa mga karagdagang kaalaman, tumawag sa Tochigi City Temporary Financial Benefits sa numero 0282-21-2416.

## 3. Impormasyon Tungkol sa Pagbubukas ng Tanggapan para sa My Number’s Card sa Araw ng Linggo.

Para sa mga hindi makapunta sa munisipiyo upang iproseso ang My Number’s Card sa mga karaniwang araw dahil sa trabaho o pagpasok sa eskwela ay magbubukas ng counter sa Linggo isang beses sa isang buwan sa pamamagitan ng appointment lamang at eksklusibo lamang para sa mga proseso ng My Number card.

Sa mga gustong mag-avail sa serbisyong ito ay tumawag muna sa telepono at kumuha ng reservation. Maaring magpareserba mula isang araw hanggang 2 buwan bago ang nais na petsa na pagpunta upang iproseso ang mga serbisyo tungkol sa My Number’s Card. Halimbawa kung nais pumunta sa anumang araw ng linggo ng Agosto ay maaari ng magpa-reserve mula sa unang araw ng Hunyo.

Ang serbisyo ay mula 8:30 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali tuwing ikalawang Linggo ng bawat buwan. Ang lugar ay ang Civic Life Division (Shimin Seikatsu-Ka) sa ika-2 palapag ng pangunahing gusali ng City Hall, at para sa mga nakatira sa mga lugar ng Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishigata, at Iwafune, ang Community Development Promotion Division ng sangay ng munisipiyo ng lugar kung saan nakatira. Halimbawa, kung ang iyong address ay nasa Tochigi area, mangyaring pumunta sa Civic Life Division ng main building ng city hall, at kung nasa Ohira area ay puntahan ang Ohira General Branch ng CityHall sa Community Development Promotion counter nito.

Kasama sa proseso sa serbisyong ito ay ang pagtanggap o pag-abot ng My Number card, pag-reset ng PIN No., pag-isyu at pag-renew ng mga electronic na certificate, patuloy na paggamit kapag lumipat ng tirahan, pag-update ng mga impormasyon ng card kapag nagpapalit ng pangalan o lumipat at pagbabago ng validity period dahil sa pagrenew ng visa at iba pa.

Ang mga aplikasyon para sa My Number Cards ay hindi kasama sa serbisyong ito

Hindi na tatanggap ng reservations kapag umabot na sa kapasidad.

### 4. Tungkol sa Cafeteria para sa mga Bata.

Alam nyo ba ang tungkol sa Kodomo Shokudo? O Cafeteria para sa mga bata. Ang cafeteria ng mga bata ay isang komunidad na nagbibigay ng mga pagkain, lugar na maaaring maglaro at mag-aral, at iba pa. Ito ay isang lugar kung saan maaaring gugulin ng mga kabataan ng lungsod ang kanilang oras na sila ay masisiyahan. Ito ay itinataguyod ng mga lokal na residente, mga NPO, ang social welfare ng lungsod at iba pa.

Dito sa Tochigi ay mayroong cafeteria para sa mga bata na tinatawag na ``Tochikkokage." Ito ay bukas mula alas 11 ng umaga hanggang alas 3 ng hapon tuwing ikatlong Sabado ng bawat buwan sa Kirara no Mori ng Tochigi Kura no Machi Gakushukan sa Irifune Cho ng lungsod.

Sa Ohira Machi ang cafeteria ng mga bata na tinatawag na ``Kodomo Cafe Minna no Ki" ay bukas tuwing unang Sabado ng bawat buwan mula alas 4 ng hapon hanggang alas 7 ng gabi sa Ohira Nishi District Community Center ng Tomita, Ohira Machi. Bilang karagdagan, mayroong mga cafeteria ng mga bata din sa mga lugar ng Tsuga, Iwafune at Fujioka ng lungsod.

Ang pasilidad ay maaaring gamitin ng mga bata at kanilang magulang sa halagang humigit-kumulang 100yen para sa mga bata at 300yen para sa mga matatanda.

Ang cafeteria ng mga bata ay maaaring gamitin ng sinuman. Malugod na tinatanggap din ang mga dayuhang residente, kaya kung mayroong malapit na cafeteria ng mga bata, subukan natin na puntahan ito.!